San Diego Unified SCHOOL DISTRICT

**Unang yugto ng muling pagbukas ng gabay sa pag-access ng mag-aaral tungo sa pang-araw-araw na listahan ng mga sintomas ng mag-aaral**

Ang kaligtasan ang pangunahing prayoridad at lahat ng mga guro, kawani, at mag-aaral ay dapat sumunod sa mga patnubay sa kalusugan at kaligtasan ng distrito. Mangyaring tignan ang mga video ng kalusugan at kaligtasan ng pamilya dito. Nasa ibaba ang ang mga paliwanag na inaasahan sa araw ng pasukan sa paaralan. Kasama din sa mga gabay na ito ay ang kopya ng "Pang-araw-araw na Listahan ng Sintomas para sa Mag-aaral". Ang listahang ito ay inilaan upang isagawa ng pamilya sa kanilang bahay bago pumasok ang mga mag-aaral sa paaralan. Magbibigay ang mga mag-aaral ng listahan sa mga kawani sa silid kapag dadalo sa On-Site Scheduled Appointment Based Learning.

Para sa mga karagdagang impormasyon sa COVID-19 at mas mataas na antas ng impormasyon na angkop sa kalusugan at kaligtasan manyaring tignan dito.

Mga inaasahan para sa araw ng pag-aaral:

- Tuwing umaga sa bahay, mangyaring punan ang pang-araw-araw na listahan ng sintomas. Kung ang sagot ay "Oo" sa mga nasabing sintomas, ang mag-aaral ay kailangan manatili sa bahay.
- Kailangan magsuot palagi ng pantakip sa mukha. Maaari lamang tanggalin ang pantakip sa mukha ng panandalian sa labas habang umiinom ng tubig o kaya ng kahit anong uri ng pamatid uhaw o kaya naman kung ang pantakip sa muka ay kailangan ng palitan. Magbibigay ng karagdagang pantakip sa mukha kung kinakailanagn.
- Magkakaroon ng karagdagang istasyon para sa paghugas at paglinis ng kamay sa buong paaralan at sa mga silid, mangyaring paalalahanan ang inyong mga mag-aaral na linisin ang kanilang mga kamay bago pumasok at lumabas ng silid, pagkatapos gumamit ng banyo, pag-hawak sa mukha, o kaya pagsuot/pagalis ng pantakip sa mukha.
- Panatilihing ang 6 na talampakang distansya mula sa iba pang mag-aaral at nakakatanda sa lahat ng oras.
- Kung ang iyong mag-aaral ay nagkaroon ng anumang mga sintomas na tulad ng COVID sa araw ng pag-aaral, sila ay malalagay sa isang pinangangasiwaang lugar na naka-hiwalay sa tanggapan ng kalusugan hanggang sila ay masundo. Mangyaring planuhin na magkaroon ng taong agad na magsusundo sa mag-aaral kapag nagkaroon sila ng mga sintomas. Maari silang bumalik sa paaralan ayon sa decision tree ng paaralan na naka-batay sa kawani ng county public health.

Nasa ibaba ang mga *halimbawa* ng listahan ng mga sintomas ng mag-aaral na kakailanganin na punan ng mga magulang sa kanilang bahay araw-araw, pagtapos makunan ng temperatura ang kanilang anak, at bago pumunta ng paaralan. Ang isang kopya ng listahang ito ang matatagpuan dito.

| Oo | Hindi | Bago pumunta sa paaralan tuwing umaga, manyaring sagutin ng "Oo" o "Hindi" sa mga sumusunod na katanungan. |
|---|---|---|
| | | Mayroon bang ubo ang iyong mag-aaral na maiuugnay sa ibang kalagayan sa kalusugan? |
| | | Ang iyo bang mag-aaral ay nahihirapan sa pag-hinga na hindi maiuugnay sa ibang kalagayan sa kalusugan? |
| | | Ang iyo bang mag-aaral ay sumasakit ang ulo na hindi maiuugnay sa ibang kalagayan sa kalusugan? |
| | | Pagkatpos makuhanan ng temperatura sa araw na ito, ang iyo bang mag-aaral aya may temperatura na higit sa 100.0F? |
| | | Ang iyo bang mag-aaral ay mayroong sintomas gaya ng mga sumusunod: Giniginaw, nanginginig sa ginaw, pagsakit ng kasukasuan, kati ng lalamuna, pagkahilo, pagsusuka, pagtatae o pagkawala ng panlasa at pang-amoy? |
| | | Ang iyo bang mag-aaral ay tumabi sa (sa loob ng 6 talampakan, ng mas mahaba sa 15 minuto) sa taong may kumpirmadong COVID-19 sa mga naklipas na 14 araw? |

| | | |
|---|---|---|
| | | Mayroon bang taga-pangasiwa ng kalusugan ang nagtanong sa iyong magaaral para mag-quarantine (halimbawa, manatili sa bahay) sa panahong ito? |

Kung ang sagot mo sa lahat ng katanungan sa itaas ay “Hindi”, ang iyong mag-aaral ay ligtas at maaring pumasok sa paaralan para sa araw na iyon. Kung ang sagot mo sa anumang katanunga sa itaas ay “Oo”, ang iyong mag-aaral ay kailangang manatili sa bahay at dapat mong bigyang impormasyon ang iyong paaralan. Papayuhan ka ng nurse ng paaralan tungkol sa mga karagdagang hakbang na kailangan mong gawin.